# SAMUT-SAMOT RESOURCES TERMS OF USE

When you downloaded this resource from **samutsamot.com**, it is understood that you have agreed to abide by its Terms of Use. Below is a summary of what you may and may not do with this resource. For the complete terms, look for the **Terms of Use** page in the **samutsamot.com** website.

**COMMERCIAL USE AND MASS DISTRIBUTION OF THIS RESOURCE IS PROHIBITED.**

## YOU MAY

- You may print, photocopy, and distribute the resource to your students, tutees, or children at home or in the classroom during in-person classes.
- You may show and distribute the resource to your online students as long as they know that it is for their own personal and non-commercial use.
- You may use the resource as part of your academic research work after obtaining the permission of the owner of **samutsamot.com**.

## YOU MAY NOT


- You may not upload the resource or any part of it anywhere on the internet (except for online teaching).
- You may not edit the resource by adding or removing any type of marking.
- You may not extract or copy images from the resource.
- You may not claim the resource as your own.
- You may not sell the digital copy, print outs, or photocopies of the resource.
- You may not make the resource a part of digital or physical products that are to be sold.

Questions regarding the allowable use of the **samutsamot.com** resources should be emailed to **samutsamot.mom@gmail.com**.

# Ang Parabula ng mga Posporo

Katha nina Jean Llorin at Pia Noche

Sa dulo ng isang tahimik na kakahuyan, may isang payak na bahay kubo. Sa kusina ng bahay kubo ay may isang maliit na kahon ng posporo. May nakatirang halos limampung palito ng posporo sa loob ng kahon.



Isang araw, isang posporo na nagngangalang Lito ay nagsalita.

“Hindi ba ninyo napapansin na nababawasan ang bilang natin? Kapag bumubukas ang ating bahay, isa sa atin ay kinukuha.”

“Kinukuha? Saan sila dinadala, Kuya Lito?” tanong ni Pilita, ang bunso sa mga palito ng posporo.

“Hindi ko nga alam, eh. Basta kinukuha na lang sila. Kapag kinuha na ang isa sa atin, mabilis na isinasara ang bahay natin at dumidilim muli. Ang alam ko lang ay nabawasan uli tayo ng isa.”



Nabalisa ang ibang posporo habang binibilang nila kung ilan na lang ang natitira sa kanila. Dahil hindi nila nais iwan ang kanilang tahanan, nangako silang magkapit-bisig kapag binuksan muli ang kahon na kanilang tinitirhan.

Isang araw, nang bumukas ang kahon, biglang nagkapit-bisig ang mga takot na posporo. Nanalangin sila na walang makuha sa kanilang pamilya.

© 2015 samutsamot.com

“Kumapit ka sa akin nang mahigpit,” bulong ni Lito sa posporong katabi niya.

Buong tapang na tumingala si Lito. Nakita niya na may malalaking daliri na dumampot ng isang posporong nanginginig sa takot. Dahil magkakapit-bisig sila, may ilang posporo na nahila palabas ng kahon. Nahulog ang mga ito sa sahig ng kusina.

Si Lito ay isa sa mga nahulog na posporo. Nauntog ang kanyang ulo sa paa ng mesa at naramdaman niya ang lamig ng sahig. Napansin ni Lito na malapit nang lumubog ang araw.


Itinaas ni Lito ang kanyang ulo upang tawagin ang ibang nahulog na posporo. Sa kaunting liwanag, namasid niya na si Pilita ang hawak ng malaking kamay. Si Pilita na bunso ng kanilang pamilya.

Laking gulat ni Lito sa sumunod na pangyayari. Ikiniskis ng malaking kamay ang munting ulo ni Pilita sa dingding ng kahon. Dagling napapikit sa takot si Lito. Naisip niya ang sakit na idinaranas ng kanilang bunso. Kawawang Pilita!

Biglang nagningas ang ulo ni Pilita at naging isang munting apoy. Mga kulay na pula, narangha, dilaw, puti, at bughaw ay sumiklab mula sa kanyang ulo. Nang buksan ni Lito ang kanyang mga mata, ang mga nakamamanghang kulay at liwanag ay sumayaw sa paningin niya.

“Napakaganda! Ngayon lang ako nakakita ng ganito!” napabulalas si Lito.

Nakita ni Lito na ang apoy na nagmumula sa ulo ni Pilita ay ginamit upang sindihan ang isang kandila. Pagkatapos ay hinipan ng tao ang apoy sa ulo ni Pilita hanggang mawala ito.



© 2015 samutsamot.com

Kitang-kita ni Lito ang maitim na dulo ng posporo at siya’y nalungkot. Ngunit napalingon agad siya sa apoy ng kandila at ang nakaaaliw na pagsayaw nito. Naalala niya si Pilita at ang pagiging masayahin at pagkabibo ng bunsong posporo. Tila taglay ng apoy sa kandila ang diwa at kalooban ni Pilita.

Ang apoy na ito ay nagpaliwanag sa madilim na kusina. Namangha si Lito habang sinasaksihan niya ang paglipat ng apoy sa ilan pang kandila sa iba’t ibang bahagi ng bahay kubo hanggang lumiwanag nang husto ang buong tahanan. Tila bang unti-unting napuno ang bahay kubo ng magiliw na diwa ni Pilita.

Ang apoy na nagmula kay Pilita ay ginamit sa pagluto ng pagkain, sa pagkukuwentuhan sa hapag kainan, sa pag-aaral at pagbabasa ng mga bata, at sa pagdarasal ng buong pamilya.
Sa gabing iyon, naunawaan ni Lito kung gaano kahalaga ang liwanag na dulot ng apoy para sa mag-anak na nakatira sa bahay kubo.

“Ito na ‘yon!” pahayag ni Lito. “Kinukuha kaming mga posporo upang maging isang apoy na nagdudulot ng liwanag sa kadiliman na pumapaligid sa mga tao. Kahit panandalian lamang, bawat isa sa amin ay maaaring maging isang maningning na ilaw!”

Napuno ng galak ang puso ni Lito sa kanyang natuklasan. Napawi ng galak ang takot sa kanyang isipan. Unti-unting napuno ng pag-asa ang kanyang puso.


“Kailangan na makabalik ako sa kahon namin,” sabi ni Lito. “Dapat sabihin ko sa kanila ang nakita ko. Kailangan na malaman nila ang katotohanan tungkol sa mga posporong tulad namin at sa ganoon ay hindi na sila muling matatakot na iwan ang bahay namin. Naku, kailangan ko na talagang makauwi!”

Sa gabing iyon, nakatulog si Lito sa sahig ng kusina.

© 2015 samutsamot.com

Kinabukasan, narinig ni Lito ang mga tinig ng kanyang mga kapwa posporo. “Lito! Lito!” Tumingala si Lito at nakita niya ang malaking kamay ng tao. Maingat nitong pinupulot ang mga nahulog na posporo mula sa sahig ng kusina. Bawat posporo ay ibinabalik ng kamay sa kahon.

Pagkabalik ni Lito sa kahon, ipinahayag niya sa lahat ang nangyari kay Pilita. Pinatotohanan ng ibang posporo ang kuwento ni Lito. Tulad ni Lito, hindi na sila natatakot na makuha ng malaking kamay at iwan ang kahon.



Mula noon ay naunawaan na ng mga posporo ang kanilang layunin. Tanggap na nila ang katotohanan na isang araw ay kailangan nilang lisanin ang munting bahay na kahon. Dahil dito, nagkaroon ng pag-asa at pag-asam na makapagdulot ng liwanag ang bawat posporo.

Kahit panandalian lamang.

© 2015 samutsamot.com